



PAPEL-IMPORMASYON

Ang tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan ng isang opisyal

Sino ang isang opisyal?

Ang pagkakaroon ng salitang 'opisyal' sa titulo ng kanyang tungkulin ay hindi lang ang nag-iisang batayan ng pagiging opisyal ng isang tao sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho (work health and safety - WHS). Ang mga opisyal ay nasa mga katungkulan na nagpapahintulot sa kanila na magkaroon ng malaking impluwensya sa paggawa ng desisyon para sa organisasyon o ng kapasidad na maapektuhan nang mahalaga ang pinansyal na katayuan ng organisasyon. Ang paggawa ng desisyon ay hindi kailangang partikular na sangkot ang mga isyu ng WHS – ito ay tungkol sa pangkalahatang mga desisyon na talagang aapekto sa organisasyon.

Dapat gumamit ang isang opisyal ng makatwirang pag-iingat (due diligence) upang tiyakin na [ang taong nagpapatakbo ng negosyo o proyekto](#) (PCBU) ay tumutugon sa kanyang mga tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan upang protektahan ang mga manggagawa at iba pang tao laban sa pinsala.

Ano ang makatwirang pag-iingat?

Ang makatwirang pag-iingat kaugnay sa WHS ay nangangahulugan ng pagtiyak na ipinapatupad at pinananatili ng PCBU ang ligtas na mga sistema ng trabaho. Kabilang dito ang pagsubaybay at pagtasa kung paano pinamamahalaan ang WHS sa loob ng organisasyon.

Maaaring hindi direktang sangkot ang isang opisyal sa pang-araw-araw na pamamahala, ngunit dapat niyang tiyakin na ang PCBU ay nagpapalakad ng ligtas na kapaligiran sa trabaho, sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunan, paglikha at pagpapatupad ng mga proseso at pamamaraan, at pagrebyu ng mga panganib, insidente at kontrol.

Tingnan ang seksyon 27(5) ng WHS Act para sa listahan ng mga kahingian ng makatwirang pag-iingat.

Bakit may tungkulin ng opisyal?

Maaaring labis na maimpluwensyahan ng mga opisyal ang kultura at pananagutan ng negosyo o proyekto sa pamamagitan ng kanilang mga responsibilidad, desisyon at pag-uugali. May tungkulin ang mga opisyal na gumamit ng makatwirang pag-iingat dahil gumagawa sila ng mga desisyon sa pamumuhunan at polisiya na maaaring makaapekto sa mga resultang pangkalusugan at pangkaligtasan sa lugar ng trabaho.

Ano ang ibig sabihin ng paglahok sa paggawa ng mga desisyon?

Ang paggawa ng desisyon ay pagkilos o proseso ng pagpasya tungkol sa isang bagay, nang mag-isa man o kasama ng ibang tao.

Maaaring ituring na ang isang opisyal ay kalahok sa proseso ng paggawa ng desisyon sa pamamagitan ng pag-ambag o paggawa ng desisyon. Ang taong responsable lamang para magrekomenda o maglapat ng mga desisyong iyon ay hindi lang ang nag-iisang batayan ng pagiging opisyal.

Ano ang malaking (mahalagang) bahagi ng isang negosyo o proyekto?

Kung makakaapekto ang desisyon sa malaking bahagi ng negosyo o proyekto ay matatasa lamang batay sa bawat kaso. Maaaring kabilang sa pagtasa ang pag-alam kung ang mga desisyon ay:

- mataas ang antas o maistratehiya
- umaapekto sa malaking bilang ng mga tao
- malaki ang sangkot na pananalapi (kabilang ang pangunang puhunan at mga gastusin sa pagmementena)
- umaapekto sa mga pangunahing aktibidad, at kung gaano kalaki.

Maaari bang paratangan ang isang opisyal ng isang pagkakasala sa ilalim ng batas ng WHS?

Maaaring paratangan ang isang opisyal ng ilang mga pagkakasala sa ilalim ng mga batas ng WHS kung hindi niya gagawin ang kanyang tungkuling makatwirang pag-iingat.

Maaari bang maging opisyal ang isang volunteer?

Para maging opisyal ang isang volunteer kaugnay sa mga WHS na tungkulin, dapat matugunan ng organisasyong boluntaryo ang kahulugan ng isang PCBU. Ibig sabihin, kailangang mag-employo ang organisasyon ng isa man lamang na may bayad na manggagawa. Upang maturing ang isang volunteer ng PCBU na isang opisyal ay magdedepende sa kanyang pagsangkot at impluwensya sa organisasyon.

Maaaring maging opisyal ang isang volunteer kung siya ay:

- nakaupo sa lupon o komite ng isang organisasyon
- gumagawa, o kalahok sa paggawa, ng mga desisyon na aapekto sa kabuuan, o malaking bahagi ng organisasyon
- may kakayahang makaapekto nang malaki sa pinansyal na katayuan ng organisasyon.

Tingnan ang [Work health and safety for volunteer organisations guide \(Gabay sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho para sa mga organisasyong boluntaryo\)](#) para sa karagdagang impormasyon.

Ang isang volunteer na isang opisyal ay may tungkuling gumamit ng makatwirang pag-iingat, ngunit hindi siya mauusig sa hindi pagsunod sa tungkuling iyon. Tingnan ang [Responsibilities of workers and others at the workplace \(Mga responsibilidad ng mga manggagawa at iba pa sa lugar ng trabaho\)](#) para sa karagdagang impormasyon.

Para sa karagdagang impormasyon, basahin ang [Interpretive guideline: The health and safety duty of an officer \(Nagpapaliwanag na patnubay: Ang tungkuling pangkalusugan at pangkaligtasan ng isang opisyal\)](#).

Ito ay isang maikling gabay. Ang mga may hawak ng tungkulin ay dapat sumangguni sa *Work Health and Safety Act 2020* at sa mga kaugnay na regulasyon para sa lubos na pag-unawa ng mga tungkulin at responsibilidad.